# LABAN LANG, BATAENYO!

*by:*
**Maureen T. Adan**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Araw-araw ay matitiyagang sumusubaybay ang mga Bataenyo sa kaganapan ng ating bansa tungkol sa ulat kung ilan na ang kumpirmadong positibo sa Covid 19, ilan na ang nakarekober at ang pumanaw. Maging sa facebook pages ng iba't-ibang munisipalidad sa probinsya ng Bataan ay patuloy ang pag-uulat. Kabilang sa mga ulat kung ilan na ang naturukan ng iba't ibang brand ng bakuna na ang layunin ay makamit ang 80 porsyento ng populasyon ng "herd immunity" sa ating probinsya.

Sa siyudad ng Balanga naman, ang kampana ng simbahan ay tumutunog tuwing ikatlo ng hapon at dinadasal ang Litanya sa Banal na Awa ng Diyos. Sadyang mahirap labanan ang Covid19 virus gayundin ang ibang variants sapagkat hindi ito nakikita ng ating mga mata. Milagro na maituturing kung sa loob ng limang taong projection ng mga eksperto sa medisina bago ito tuluyang humupa ay magiging maikli lamang. Ngunit habang nariyan pa ang banta ng pagkalat ng nakahahawang sakit ng Covid 19 ay hinihikayat ang bawat isa na sundin ang minimum health protocols na itinakda ng IATF para sa kaligtasan ng lahat.

Minsan ay nakababahala ang ipinapakita ng estadika na 54% ng mga kabataan ay nakararanas ng lumbay dahil hindi makalabas ng bahay at nawala ang normal na takbo ng kanilang buhay. Malaki ang epekto nito sa mental at emotional health ng mga kabataang nakararanas ng stress, anxiety at depression bunga ng biglaang pagbabago ng aktibidades nila sa araw-araw noong wala pang pandemya.

Dumagdag pa dito ang pagkawala ng hanapbuhay ng ilang magulang sa panahon ng pandemya bunga ng pagkalugi ng mga kumpanyang pinapasukan.

Sa ating lalawigan, tutok ang ating mga opisyales sa iba't ibang bayan upang suportahan ang ating lalawigan na makamit ang "herd immunity" bago pa matapos ang taon kung kakayanin kaya't ang ECQ at MECQ declaration tuwing ikalawang linggo ay isinasagawa upang mabawasan ang mabilis na pagkalat ng Covid.

Ginawa na ng sektor ng kalusugan ang kanilang tungkulin na alagaan ang mga pasyenteng may Covid. Ginawa na rin ang pagtuturok ng mga bakuna sa iba't ibang kategorya ng populasyon para hindi lumala ang mga sintomas kung sakali mang tamaan sila ng Covid at patuloy pa rin ang pagbabakuna hangga't hindi pa nakakamit ang 80 porsyento ng "herd immunity."

Sa sektor ng lokal na pamahalaan ay namigay ng mga ayuda sa indigent families, bigas at ilang grocery items sa tuwing nagla-lockdown. Mayroon ding tinatawag na "Kusina sa Barangay" sa ibang bayan na kung saan ay nagluluto ng mga ulam at ipinamamahagi sa mga pamilya para bawas gastos na din sa ilang mga nawalan ng hanapbuhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa sektor ng edukasyon ay patuloy pa rin ang pagtuturo sa mga kabataan mula pre-elem hangang kolehiyo gamit ang "blended learning" upang magpatuloy ang pagkatuto ng mga kabataan kahit nasa loob ng kani-kanilang tahanan.

Ang pagtutulungan at kooperasyon ng bawat sektor ng lipunan sa lalawigan ng Bataan upang gawing "bagong normal" ang mundong ginagalawan ng bawat Bataenyo ay isang mabigat na hamon sa panahon ng pandemya subali't nakakayang harapin ng bawa't nanunungkulan sa iba't ibang ahensiya. Walang Bataenyo ang dapat na maiwan.

Kung ang ibang hindi Bataenyo ay nakakaya ang mga hamong dala ng pandemya, ano pa kaya dito sa ating probinsya na buhos ang suporta ng nasyonal na pamahalaan? Kaya't para sa isang Bataenyo na nakararanas ng lungkot o pagkabahala dulot ng pandemya, ang dapat na panaigin ay ang panawagang, "Laban lang,Bataenyo!"

*References:*

Edukasyon sa Gitna ng Pandemya,Salamat sa Modernong Teknolohiya
https://socialmedia675085498.wordpress.com/2020/12/02
Keizel Phil C. Perez

Teknolohiya sa Gitna ng Pandemya
https://sdo-meycauayan.com/2020/08/27/teknolohiyasagitnangpandemya
Dennis Bergonia

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan